



Mga Karapatang Pantao sa British Columbia : Proteksiyon sa Trabaho



Ginawa ang fact sheet na ito upang matulungan kang maunawaan ang mga karapatang pantao sa BC at ang proteksiyon na ibinibigay nito sa iyo sa trabaho.

May batas sa British Columbia na protektahan at itaguyod ang mga karapatang pantao. Ito ay tinatawag na *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao sa BC* o ang *Alituntunin (BC Human Rights Code or the Code)*. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring kontakin ang **BC Human Rights Clinic**. Makukuha ang impormasyon kung paano sila makokontak sa huling bahagi ng fact sheet na ito.

Impormasyon para sa mga Empleyado

Pinoprotektahan ng *Alituntunin* ang mga aplikante ng trabaho at mga empleyado.

* Paano ako pinoprotektahan sa trabaho?

Pinoprotektahan ka ng *Alituntunin* mula sa diskriminasyon sa pag-hire o sa lugar ng trabaho kung ang diskriminasyon ay batay sa isa o higit pa sa **protektadong mga personal na katangian**:

- Lahi, kulay, lipi, lugar na pinagmulan
- Pampulitikang paniniwala
- Relihiyon
- Marital status o kung may-asawa man o wala
- Katayuang pampamilya
- Pangkatawan o pangkaisipang kapansanan
- Kasarian (kabilang ang pagbubuntis, transgender)
- Sekswal na oryentasyon
- Edad (19 na taon gulang o mas matanda)
- Kasong kriminal o summary offence na walang kaugnayan sa trabaho

Maaari kang magsampa ng reklamo sa BC Human Rights Tribunal kung naniniwala kang ikaw ay biktima ng diskriminasyon na may kinalaman sa trabaho.

* Ano ang diskriminasyon sa trabaho?

Pinoprotektahan ng *Alituntunin* ang lahat ng aspeto sa trabaho, kabilang ang:

- pag-aanunsiyo ng recruitment
- mga interview
- pag-hire
- kalagayan sa trabaho

- mga pag-promote at pagpapaalis
- mga benefit
- mga sahod

Ang kahulugan ng diskriminasyon ay ang pagtrato nang masama sa isang tao o pagkakait ng benefit dahil sa isang personal na katangian tulad ng relihiyon o kapansanan.

Ang mga halimbawa ng diskriminasyon sa trabaho ay ang:

- Pagpapaalis sa isang babae sa trabaho dahil siya ay buntis
- Pagsasabi ng mga sekswal na puná tungkol sa itsura, pananamit, o mga bahagi ng katawan
- Pagtanggig mag-hire ng isang tao dahil mayroon siyang pangkatawan o pangkaisipang kapansanan
- Pagbabayad ng mas mababang suweldo sa isang babae kaysa sa isang lalaking may kaparehong mga kwalipikasyon sa trabaho
- Pagpilit sa isang empleyado na magretiro dahil sa edad niya
- Pagtanggig iangkop ang isang iskedyul ng trabaho para sa isang relihiyosong pagdiriwang

* Paano ko malalaman kung ang aking reklamo ay may kinalaman sa mga Karapatang Pantao?

Upang gumawa ng isang reklamo sa ilalim ng *Alituntunin* sa mga Karapatang Pantao, **ang lahat ng mga sumusunod** ay dapat na katotohanan:

- ✓ Ikaw ay trinato nang masama.
- ✓ Ikaw ay tinatrato nang naiiba at nang masama dahil sa isang personal na katangian, tulad ng iyong lahi, kulay, relihiyon, kasarian, pangkaisipan o pangkatawang kapansanan, o sekswal na oryentasyon.
- ✓ Ang pagtrato ay naganap sa isang insidente sa trabaho o may kinalaman dito.

Dapat mong isampa ang iyong reklamo sa loob ng anim na buwan matapos na mangyari ang insidente. (Tandaan: May ilang mga hindi kasali sa nakatakdang panahong ito.) Ang pagsasampa ng reklamo ay nagsisimula sa isang legal na prosesong katulad ng proseso sa hukuman. Ang taong nagsasampa ng reklamo ay kinikilala bilang **nagreklamo (complainant)**.

Impormasyon para sa mga Tagapag-empleyo

Pinoprotektahan ng *Alituntunin* ang mga aplikante sa trabaho at mga empleyado. Dapat tiyakin ng mga tagapag-empleyo na:

- Ang mga desisyon sa pag-hire sa trabaho ay batay sa pamantayan na may kaugnayan sa trabaho
- Ang kapaligiran sa trabaho ay ligtas mula sa diskriminasyon

* Kapag nag-iinterview

Para sa mga tagapag-empleyo na nagtatanong sa panahon ng isang interview, ang pangkalahatang tuntunin ay:

Magtanong lamang kung ano ang kinakailangan upang makagawa ng pagha-hire na batay sa kasanayan at kwalipikasyon.

* Kapag nag-aanunsiyo ng mga trabaho

Ang *Alituntunin* ay hindi nagpapahintulot sa mga pag-aanunsiyo sa trabaho na nagsasabi ng ispesipikong personal na katangiang pinoprotektahan ng *Alituntunin*, maliban kung ito'y isang lehitimong pangangailangan sa trabaho. Halimbawa, ang isang tagapag-empleyo ay maaaring mag-anunsiyo na mag-hire lamang ng mga babae para sa isang posisyon bilang intake worker sa isang shelter para sa mga inabusong kababaihan.

* Ano ang tungkulin na tumulong (duty to accommodate)?

Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magsumikap na matugunan ang mga personal na katangiang pinoprotektahan sa ilalim ng *Alituntunin*. Ito ay tinatawag na **tungkulin na tumulong**. Ang pagbibigay ng tulong ay batay sa mga ispesipikong kalagayan.

Halimbawa, maaaring kinakailangan ng isang tagapag-empleyo na:

- magbigay sa isang tao ng karagdagang training
- mag-adjust ng isang iskedyul ng trabaho
- iakma o bumili ng mga kagamitan
- baguhin ang tungkulin ng isang empleyado

Kung kailangan mo ng modification o adjustment sa trabaho, sabihin ito sa iyong tagapag-empleyo. Responsibilidad ng iyong tagapag-empleyo na gumawa ng makatwirang hakbang upang matugunan ang pinakaangkop na kinakailangang tulong o accommodation – maliban kung ito ay magiging sanhi ng **di-nararapat na kahirapan (undue hardship)**.

* Saan ako maaaring humingi ng tulong?

Ang **mga nagreklamo** saan mang panig ng probinsiya ay maaaring makakuha ng impormasyon sa **BC Human Rights Clinic**. Ang mga kawani sa Clinic ay maaaring tumulong sa iyong maunawaan ang *Alituntunin ng mga Karapatang Pantao* o harapin ang isang reklamo sa karapatang pantao sa probinsiya. Maaaring kwalipikado ka para sa iba pang mga uri ng serbisyo. Kausapin ang isang kawani sa Clinic upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

BC Human Rights Clinic

300-1140 West Pender Street, Vancouver, B.C. V6E 4G1
Telepono: 604 622-1100
Tawagan nang libre ang: 1 855 685-6222
Fax: 604 685-7611
Online: www.BCHRC.net

Ikaw ang **sumasagot (respondent)** kapag may isang taong nagsampa ng reklamo laban sa iyo. Ang **mga taong sumasagot** saan mang panig ng probinsiya at ang mga nagreklamo sa Victoria-area ay maaaring makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagkontak sa:

University of Victoria

Law Centre Clinical Law Program
Suite 225 – 850 Burdett Avenue, Victoria, B.C. V8W 1B4
Telepono: 250 385-1221
Tawagan nang libre ang: 1 866 385-1221
E-mail: reception@thelawcentre.ca

Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa **BC Human Rights Tribunal**:

BC Human Rights Tribunal

Suite 1170 – 605 Robson Street, Vancouver, B.C. V6B 5J3
Telepono: 604 775-2000
Tawagan nang libre ang: 1 888 440-8844
TTY (para sa may kapansanan sa pandinig): 604 775-2021
Online: www.bchrt.gov.bc.ca

Ang information sheet na ito ay ginawa para mapagkunan ng pangkalahatang impormasyon lamang. Ito ay hindi kapalit ng legal na payo.